*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM

Ika-22 ng Enero, 2026

{ Ika-2 Huwebes sa Karaniwang Panahon }

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Lahat kayong nabubuhay, ngayon ay mag-awitan,
Pasalamatan ang Diyos, na sa ati'y lumalang.
Lagi siyang kasama, at inaalagaan,
Hanggang sa huling araw, tayo'y ginagabayan.

Ilaw n'ya'y nangunguna, tanglaw sa hating-gabi,
Pinapawi ang dilim, anino'y walang silbi,
Batas ay katarungan, kalikasan ang saksi,
Araw, bundok at dagat, siya ang sinasabi.

Tayo'y dapat umawit, galak ay ipahayag,
Siya'y ating sambahin, siya'y purihin ng lahat,
Tao ay magkaisa sa pagpapasalamat,
Osana at papuri, sa Diyos na ating lakas!

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Ginawa ko kayong ilaw ng lahat ng mga bansa upang dalhin ang dulot kong kaligtasan hanggang sa dulo ng daigdig.

*Salmo 72*

*(Ang maringal na kapangyarihan ng Mesiyas)*

*I*

Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran,
Sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya'y bahaginan;
Upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan,
At pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay.

Ang lupain nawa niya'y umunlad at managana;
Maghari ang katarungan sa lupain nitong bansa.
Maging tapat itong hari sa paghatol sa mahirap
At ang mga taong wala'y pag-ukulan ng paglingap;
Yaon namang nang-aapi ay malupig at bumagsak.

Nawa sila ay maglingkod, silang lahat mong hinirang,
Hangga't mayro'ng namamalas na sikat ng buwa't araw.
Hari nila ay matulad sa ulan ng kaparangan;
Bumubuhos kung dumating sa lupain yaong ulan.

Yaong buhay na mat'wid sa kanyang kapanahunan,
Madama ng bansa niya at umunlad habang buhay.
Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak,
Mula sa Ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat.

Sa harap n'ya ay susuko yaong mga nasa ilang;
At ang mga kaaway n'ya'y mahihiga sa lansangan.
Mga haring nasa pulo at naroon sa Espanya,
Maghahandog ng kaloob, ihahain din sa kanya;

Pati yaong mga hari ng Arabia at Etiopia,
May mga kaloob ding taglay nilang alaala.
Ang lahat ng mga hari, gagalang sa harap niya,
Mga bansa'y magpupuri't maglilingkod sa tuwina.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ginawa ko kayong ilaw ng lahat ng mga bansa upang dalhin ang dulot kong kaligtasan hanggang sa dulo ng daigdig.

*Antipona 2*

Ililigtas ng Panginoon ang mga anak ng mga dukha at iaahon sila sa pagkaalipin.

*II*

Kanya namang ililigtas ang sinumang tumatawag,
Lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap;
Sa ganitong mga tao siya'y lubhang nahahabag;

Sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas.

Inaagaw niya sila sa kamay ng mararahas,
Sa kanya ang buhay nila'y mahalagang hindi hamak.
Pagpalain itong hari! Siya nawa ay mabuhay!
At magbuhat sa Arabia'y magtamo ng gintong-yaman;
Sa tuwina siya nawa'y idalangin nitong bayan,
Kalingain nawa ng Diyos, pagpalain habang buhay.

Sa lupai'y sumagana nawang lagi ang pagkain;
Ang lahat ng kaburulan ay mapuno ng pananim
At matulad sa Libano na mauunlad ang lupain.
Yaong kanyang mga lungsod, dumami ang mamamayan,
Sindami ng mga damong tumubo sa kaparangan.

Nawa yaong kanyang ngalan ay h'wag nang malimutan,
Manatiling laging bantog na katulad nitong araw;
Nawa siya ay purihin ng lahat ng mga bansa, —
At sa Diyos, silang lahat dumalanging: "Harinawa
Pagpalain kaming lahat, tulad niyang pinagpala."

Ang PANGINOON, Diyos ng Israel, purihin ng taong madla;
Ang kahanga-hangang bagay tanging siya ang may gawa.
Ang dakilang ngalan niya ay purihin kailanman,
At siya ay dakilain nitong buong sanlibutan!
Amen! Amen!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ililigtas ng Panginoon ang mga anak ng mga dukha at iaahon sila sa pagkaalipin.

*Antipona 3*

Nagsimula na ngayon ang matagumpay na paghahari ng Diyos.

*Awit: Pahayag 11:17-18; 12:10b-12a*

*(Ang hatol ng Diyos)*

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Diyos sa kasalukuyan, at sa nakaraan,

Nagpapasalamat kami na ginamit mo
Ang iyong walang hanggang kapangyarihan
At nagpasimula ka nang maghari!

Nagngingitngit ang mga di kumikilala sa Diyos.
Ngunit dumating na ang panahon ng iyong poot,
Ang paghatol sa mga patay,
At pagbibigay ng gantimpala sa mga propetang lingkod mo,
At sa iyong mga hinirang,
Sa lahat ng may takot sa iyo, dakila ma't hamak.
Panahon na upang lipulin mo ang mga nagpahirap sa sanlibutan.

Dumating na ang pagliligtas ng Diyos!
Ipinamalas na niya ang kanyang kapangyarihan bilang Hari!
Ipinamalas na ng Mesias ang kanyang karapatan!
Pagkat pinalayas na sa langit ang umuusig araw at gabi sa mga kapatid natin.

Nagtagumpay sila laban sa diyablo
Sa pamamagitan ng dugo ng Kordero
At ng kanilang pagsaksi sa katotohanan;
Hindi sila nanghinayang sa kanilang buhay.
Kaya't magalak kayo, kalangitan,
At lahat ng naninirahan diyan!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Nagsimula na ngayon ang matagumpay na paghahari ng Diyos.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Pedro 1:18-23*

Alam ninyo kung ano ang itinubos sa inyo sa walang kabuluhang pamumuhay na inyong minana sa inyong mga magulang. Ang itinubos sa inyo'y di mga bagay na nasisira o nauubos, paris ng ginto o pilak, kundi ang buhay ni Kristong inihain sa krus. Siya ang Korderong walang batik at kapintasan. Itinalaga na siya ng Diyos sa gawaing ito bago pa nilikha ang daigdig, at alang-alang sa inyo,

ipinahayag siya bago sumapit ang katapusan ng mga panahon. Dahil sa kanya, nanalig kayo sa Diyos na sa kanya'y muling bumuhay at nagparangal, anupa't ang inyong pananampalataya at pag-asa ay nasa Diyos.

Ngayong malinis na kayo dahil sa inyong pagsunod sa katotohanan, anupa't naghahari na sa inyo ang tapat na pag-iibigan bilang magkakapatid, nawa'y maging maalab at taos sa puso ang inyong pagmamahalan. Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng tao kundi sa bisa ng buhay at walang kamatayang salita ng Diyos.

*Tugunan*

Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.

— Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.

Handog niyang himlayan sa aki'y sariwang pastulan,

— hindi ako magkukulang.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Kung nauuhaw kayo sa kabanalan, pupunuin ng Diyos ang inyong pagnanasa, tamang sukat at nag-uumapaw pa.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Kung nauuhaw kayo sa kabanalan, pupunuin ng Diyos ang inyong pagnanasa, tamang sukat at nag-uumapaw pa.

## Pangkalahatang Panalangin

Itinataas natin ang ating mga puso sa ating Panginoon at Tagapagligtas, na nagkakaloob sa kanyang bayan ng bawat pagpapalang espirituwal. Taimtim nating hilingin:

— Basbasan mo ang iyong sambayanan, Panginoon.

Maawaing Diyos, patatagin mo ang aming Papa, N. at ang aming Obispo, N.
ilayo mo sila sa lahat ng ligalig.

— Basbasan mo ang iyong sambayanan, Panginoon.

Kalingain mo, Panginoon, ang aming bansa,
iadya mo kami sa lahat ng masama.

— Basbasan mo ang iyong sambayanan, Panginoon.

Tawagin mo ang kalalakihan upang maglingkod sa iyong altar,
at masundan ka sa kalinisan, karukhaan, at pagkamasunurin.

— Basbasan mo ang iyong sambayanan, Panginoon.

Pangalagaan mo ang kababaihang nagpanata ng kanilang sarili sa iyo,
upang saan ka man papunta'y makasunod sa iyo, O banal na Kordero.

— Basbasan mo ang iyong sambayanan, Panginoon.

Makatagpo nawa ang mga yumao ng kapahingahang walang hanggan,
at maging matibay ang bigkis na nag-uugnay sa amin sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng mga biyayang espirituwal.

— Basbasan mo ang iyong sambayanan, Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
pakinggan mo ang aming panalangin sa takipsilim
at panatilihin ang alab ng pag-ibig sa 'yong atas.
Akayin kami sa gitna ng dilim ng gabi
hanggang sa sumapit kami
sa walang hanggang liwanag.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

United States of America

*www.ebreviary.com*